# BAYBAYIN AT ANG MODERNONG PILIPINO

*by:*
**Mary Grace D. Bagtas**
*Teacher III, Pablo Roman National High School*

Ang baybayin ay bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas at isa sa mga pundasyon ng ating bansa sa larangan ng pagsulat at panitikan subalit ang paggamit nito sa mga pampublikong lugar sa panahon ng modernisasyon ay isang malaking hamon.

Marahil ay hindi na bago sa ilan sa atin ang paggamit ng baybayin. Taong 2018 ng lumusot sa Komite sa Kamara ang panukalang batas na magtatakda sa Baybayin bilang sistema ng panulat. Layunin nito na pataasin ang kamalayan ng mga Pilipino sa katutubong panulat na inihahalintulad sa mga bansang tulad ng China, Japan, Korea at Thailand.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang baybayin ay isang sinaunang sistema ng pagsulat ng mga Pilipino noong panahon bago pa dumating ang mga kastila. Nagmula ito sa ALIFBATA ng Arabia at nang kinalaunan ay naging ALIBATA. Malaki ang pinagkaiba ng baybayin sa nakagawian nating alpabeto. Kadalasan itong naihahambing sa paraan ng pagsulat ng mga karatig nating bansa tulad ng Korea. Bahagi ng layunin ng pamahalaan na gamitin ang baybayin sa mga simbolo sa mga kalsada at ilan pang pampublikong lugar.

Sa kabila ng mabuting hangarin hinggil sa paggamit nito sa panitikang Pilipino, ang implementasyon nito ay mananatiling isang malaking hamon sa kasalukuyang modernisasyon.

Maraming Pilipino ang walang kamalayan sa pagbasa at pagsulat ng baybayin. Maaaring bahagi ito ng ating kasaysayan, subalit matagal nang panahon simula ng ihinto itong gamitin. Malaki ang naging ambag ng modernisasyon sa paraan ng pagsulat sa

ating bansa. Mapapansin na ang kasalukuyang alpabeto ang ginagamit ng halos isang daang porsyento ng populasyon.

Ang pagpapatulad ng paggamit ng baybayin ay maaaring makalito sa matandang populasyon ng Pilipinas. Ayon sa pag-aaral, pito sa bawat sampung mamamayang nasa edad 50 hanggang 70 ang walang kakayahang magbasa at magsulat. Ang malaking bilang ng mga Pilipinong hindi nakababasa at nakasusulat ay tiyak na maaapektuhan sa sandaling palitan ang ating paraan ng pagsulat.

Ayon sa isang historyador na si Jose Victor Torres, hindi magiging madaling ibalik ang baybayin sapagkat ilang siglo na ang lumipas mula noong huli itong gamitin ng malawakan at maaaring hindi ito makasabay sa daloy ng modernisasyon.

Dagdag pa rito, kontrobersyal na usapin din ang ispeling sa paggamit ng baybayin. Marami ang nagnanais na palaganapin ang estandardisadong mga grapema o pagsulat ng mga simbolo at ang mga tuntunin sa pagbigkas ng mga ito. Sa katunayan, hindi mahirap sumulat ng baybayin ngunit mayroong kahirapan ang pagbasa nito. Kung ihahambing, ang bawat titik sa ating modernong alpabeto ay isang payak na tunog na maaaring maging patinig o katinig, samantala ang bawat titik sa baybayin ay katumbas ng isang pantig. Ang pantig ay maaaring kombinasyon ng ilang tunog o di kaya ay isang patinig lamang, ngunit karaniwang hindi maaaring maging isang katinig lamang.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa huli, walang masama sa paggamit ng baybayin sapagkat ito ay malaking bahagi ng ating kasaysayan at pagkakakilanlan. Taglay nito ang ating kultura hindi lamang sa larangan ng pagsulat kung hindi maging sa larangan ng komunikasyon. Mahalagang maunawaan ng mga kabataan sa kasalukuyan ang kahalagang naiambag nito sa ating lipunan.

Gayunpaman, kailangan isaalang-alang ang masa hinggil sa paggamit nito sa pangkaramihan. Mahalaga ang ating pinagmulan, subalit katulad nito ay mahalaga rin ang ating kasalukuyang pagsabay sa modernisadong lipunan.

*References:*

Varsitarian, Muling paggamit ng Baybayin, dapat pag-ibayuhin?, retrieved from https://varsitarian.net/filipino/20170831/muling-paggamit-ng-baybayin-dapat-bang-pag-ibayuhin, June 26, 2021.

Paul Morrow, Isang Aralin sa Pagsulat ng Mga Sinaunang Filipino, retrieved from http://paulmorrow.ca/baybay2.htm, June 26, 2021.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan